
1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 14:
## Pagbilang ng Pantig sa Isang Salita




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Filipino 1_Modyul 14

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 14: Pagbilang ng Pantig sa isang Salita**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jenny G. Ramones, Francisca F. Gonzales at Arnold I. Buccahan
**Editor:** Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe
**Tagasuri:** Ronald T. Bergado, Elvira O. Marquez
**Tagaguhit:** Francisca F. Gonzales
**Tagalapat:** Fe G. Buccahan, Francisca F. Gonzales at Jay Lord B. Gallarde

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Octavio V. Cabasag, Romel B. Costales, Felimendo M. Felipe, Jessie L. Amin, Rizalino G. Caronan, Jorge G. Saddul, Sr., Fe G. Buccahan

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 14:
## Pagbilang ng Pantig sa Isang Salita

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mgakasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumanggagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani- kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukatang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama omali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag- unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mgatagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mona nasa unang baitang upang malaman ang wastong pagbilang ng pantig ng isang salita.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa:

- Pagbilang sa Pantig ng isang Salita Pagkatapos ng

modyul na ito inaasahang ikaw ay:

- Nakabibilang ng pantig ng isang salita.
- Nakapapantig ng isang salita.

## *Subukin*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Ipaliwanag sa bata ang kasanayang ito.
- Sabihin**:**

  **-***Sa araw na ito pag-aralan nating ipalakpak angmga pantig sa bawat salita.*

  **-***Narito ang halimbawa*:

  a-ko (dalawang palakpak ang gagawin)i-kaw (dalawang palakpak ang gagawin)

  -Ang mga salitang ako at ikaw ay maytigdadalawang palakpak.

  -Ngayon gawin natin ang maikling pagsubok.

Isagawa ang mga nasa ibaba.

1. Sabihin ang iyong iyong pangalan. Ipalakpak ito.Hal. Lorna Lor-na (pak-pak)

2. Sabihin ang pangalan ng Nanay mo. Itapik salamesa.
   Hal. Lita Li-ta (tak-tak)

3. Sabihin ang pangalan ng Tatay mo. Ipadyak ito.Hal. Sito Si-to (pad-yak)

## *Balikan*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Balikan ang unang aralin tungkol sa pagkilala ngunang tunog ng bawat salita.
- Sabihin:
  *-Bago natin puntahan ang iyong bagong aralin, balikan muna natin ang pagkilala ng unang tunogng mga salita.*
  *-Pakinggan mo ang bawat salitang babanggitin ko.* Ano ang unang tunog ng bawat salita sa ibaba. Bigkasinito.

1. mata
2. ulo
3. paa
4. daliri
5. siko

# *Tuklasin*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Basahin nang malakas sa bata ang tula.
- Maaaring magtanong tungkol sa tula.

**Prutas Pampalakas** Ni
Jenny G. Ramones

Sarisaring tanim sa paligid natin Iba't ibang
prutas ang bigay sa atin.
Lakas ng katawan makakamtan Mula sa
prutas na katakam-takam.
Magtanim tayo ng puno nito,Para
sa sustansiyang totoo.



## Suriin

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Sabihin:
  *-Narito ang ilan sa mga salitang galing sa ating tula.*
  *-Babasahin ko ito at pakinggan mo.*
  *-Ipalakpak mo ang bawat pantig ng mga salitangbabanggitin ko.*

Ipalakpak ang mga pantig sa bawat salita.

| | | |
|---|---|---|
| sa | prutas | totoo |
| ang | puno | paligid |
| ng | lakas | katawan |

Ilang palakpak o hati ang iyong narinig sa mga sumusunod. Isulat sa patlang ang bilang ng palakpak ohati ng bawat salita.

1. sa _______
2. pru-tas _______
3. pa-li-gid ________
4. la-kas _______
5. pu-no _______
6. ng ________
7. ka-ta-wan _________
8. pa-li-gid _________
9. ang ________

## Pagyamanin

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Sabihin:

  *-Ang ginawa nating aralin ay tungkol sa pagbibilangng pantig sa mga salitang iyong narinig.*

  *-Mahalaga ang kaalamang ito para maintindihan mo na ang mga salita ay binubuo ng mga pantig para sa paghahanda mo sa pagbasa.*

  *-Ngayon tingnan ko kung kaya mong gamitin angkaalamang ito sa personal mong buhay.*

Gawain 1

Sabihin mo ang bahagi ng iyong katawan.

Alamin ang bilang ng bawat ngalan ng parte ng katawan sa pamamagitan ng pagpalakpak nito. Sabihinkung ilang hati o palakpak ang bawat salita.

Halimbawa: ma-ta (dalawang palakpak)

1.) ulo-----
2.) tainga----
3.) balikat----
4.) tuhod---
5.) paa----

Gawain 2

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Sabihin
  *-Narito pa ang karagdagang Gawain.*
  *-Pakinggan mo ang bawat salitang aking babasahin.*
  *-Ipalakpak ang bawat pantig na maririnig.*

- Gabayan ang bata sa pagsulat ng kaniyang sagotsa tamang kolum.

Pangkatin ang mga salita ayon sa bilang ng pantig. Isulatsa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| guro | babala | lalaki | at |
| paso | ulo | po | |

| Isang Pantig | Dalawang Pantig | Tatlong Pantig |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Sagutin ang mga sumusunod:

Ilang salita ang may isang pantig? _______________ Ilang

salita ang may dalawang pantig? _________ Ilan

naman ang may tatlong pantig? _____________________

## Isaisip

May natutuhan ka ba sa aralin natin ngayon?
Isiping mabuti ang kasagutan sa mga tanong na ito.

- Ano ang pantig?
- Paano pantigin ang isang salita?
- Paano malalaman ang bilang ng pantig ngisang salita?

## Isagawa

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Basahin sa bata ang mga salitang kaniyangpapantigin.

Gawain 1

Pantigin ang mga salita at isulat kung ilang pantig mayroon ang salitang ito. Isulat ito sa sagutang papel.

| Salita | Bilang ng Pantig |
|---|---|
| Halimbawa:<br>babae | 3 |
| 1. tela | |
| 2. suka | |
| 3. lalaki | |
| 4. ba | |
| 5. kabibe | |

Gawain 2

Bilangin kung ilang pantig mayroon ang mga salita. Isulatsa sagutang papel.

Halimbawa:

kabayo - 3

1. paruparo
2. baka
3. Fe
4. talata
5. uod



## *Tayahin*

Bilangin kung ilang pantig mayroon ang mga salita. Isulatsa sagutang papel.

Halimbawa:

tula - 2

1. masaya
2. mura
3. tulala
4. luma
5. ko

## *Karagdagang Gawain*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Babasahin sa bata ang mga salitang kaniyangpapantigin.

Pakinggan ang mga sumusunod na salita. Ipadyak o ipalakpak ang mga ito habang sinasabi. Bilangin kungilang pantig ang bawat salita. Isulat ito sa sagutang papel.

1. ka
2. sumama
3. mana
4. sako
5. apa

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

Isagawa

**PAGYAMANIN**

**Gawain 1**

1.2
2.3
3.3
4.2
5.2

**Gawain 2**

| 1 pantig | 2 pantig | 3 pantig |
|---|---|---|
| at | guro | babala |
| po | paso | lalaki |
| | ulo | |

isang pantig - 2
dalawang pantig - 3
tatlong pantig - 2

**Isagawa**

Gawain 1

1. Tela -2
2. Suka -2
3. Lalaki -3
4. Ba -1
5. Kabibe -3

Gawain 2

1.4
2.2
3.1
4.3
5.2

**Tayahin**

1.3
2.2
3.3
4.2
*5.1*

**Karagdagang Gawain**

Igagawa

## *Sanggunian*

Department of Education, K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELC) in Filipino 1, p. 145

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph